SMALL HANDS
PROJECT



Edad 3+ taon
Pinong galaw

Walking On The Line

Mga Materyales

Linya na karaniwang hugis tambilugan (tignan ang halimbawa) sa sahig, sa loob o labas ng silid aralan.

Hakbangin

Anyayahan ang bata, o isang maliit na grupo ng mga bata, na magtungo kung nasaan ang linya. Ipaliwanag na kailangan nilang panoorin ang iyong gagawin. Marahan at tahimik na lumakad sa ibabaw ng linya. Isa-isang imbitahan ang mga bata na gayahin ang iyong galaw, habang pinapanatili ang sapat na distansya sa isa't isa.

Mga pagsasanay:

- Ang unang presentasyon
- Paglalakad habang may malumanay na musikang tumutugtog.
- Paglalakad habang may dala na maliit na bagay, tulad ng isang bandeha o pitsel.
- Paglalakad habang may hawak na kuliling.
- Paglalakad habang may dala na bandehang may bola sa ibabaw nito.
- Paglalakad habang may bagay sa ibabaw ng ulo na ibinabalanse, tulad ng isang libro o takuyan.
- Pag martsa o paglukso o iba pang paggalaw sa ibabaw ng linya sunod sa ritmo ng musika.

Direktang Layunin

- Lumakad ng may buong tiwala sa sarili sa isang espasyo

© 2025 Small Hands Project – CC BY-NC 4.0

Iba pang Layunin

- To develop graceful control of balance, to refine gross motor movements

Kontrol sa Pagkakamali

- Makikitang nasa ibabaw (o hindi) ng linya ang mga paa.
- Maaaring matapon ang tubig mula sa pitsel kung mawalan ng balanse.
- Maaaring tumunog ang kuliling kung hindi mapanatili ang balanse.
- Maaaring gumulong ang bola sa ibabaw ng bandeha kung hindi mapanatili ang balanse.

Punto ng Kamalayan

- The child's self-control

Edad

- Tatlong taong gulang

© 2025 Small Hands Project (www.smallhandsproject.org)
Ang gawaing ito ay lisensiyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-NonCommercial 4.0 International License (CC BY-NC 4.0).
Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bumisita sa https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/